Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
**DIVISION OF CEBUPROVINCE**
Sudlon, Lahug, CebuCity

March 9, 2015

**Pansangay na Memorandum**
**Blg. 146, s. 2015**

**MGA PAGBABAGO SA MEMORANDUM PANGREHIYON BLG. 621, S. 2014, MULI: TIMPALAK USWAG DAREPDEP**

**Para sa:** **Assistant Superintendent**
**Education Supervisors/Coordinators**
**District Supervisors/OICs**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay Memorandum Pangrehiyon Blg. 119, s. 2015 na may petsang Pebrero 27, 2015 at pinamagatang **"Mga Pagbabago sa Memorandum Pangrehiyon Blg. 621, s. 2014, Muli: TIMPALAK USWAG DAREPDEP "** para sa impormasyon at gabay ng lahat ng kinauukulan.

2. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ARDEN D. MONISIT, Ed.D.**
**Schools Division Superintendent**

Telephone Numbers:

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent: | (032) 255-6405 |
| Asst. Schools Division Superintendent: | (032) 414-7457 |
| Accounting Section: | (032) 254-2632 |
| Disbursing Section: | (032) 255-4401 |
| Admin/Legal: | (032) 253-7847 |
| Promotional Staff Section: | (032)520-3217 |

Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com

**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
DEPARTMENT OF EDUCATION
**REHIYON VII, GITNANG VISAYAS**
**REGION VII, CENTRAL VISAYAS**
Sudlon, Lahug, Cebu City

FEB 27 2015

**MEMORANDUM PANGREHIYON**
No. 119, s. 2015

**MGA PAGBABAGO SA MEMORANDUM PANGREHIYON BLG. 621, S. 2014, MULI: TIMPALAK USWAG DAREPDEP**

**Sa mga:** Schools Division/City Superintendents
Officer-in-Charge of Regular Divisions
Tagapamahala ng mga Paaralan
Pinuno/Puno ng mga Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ipinapaalam natin sa lahat na ang huling araw ng pagpapasa para sa Timpalak Uswag Darepdep ay paabutin na hanggang sa ika-1 ng Abril 2015.

2. Para sa karagdagang detalye, tingnan lang ang kalakip na mga dokumento.

3. Malawak at maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito ay nais.

**JULIET A. JERUTA**
Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Regional Director

JAJ/LCJ
clmd '15

Regional Director's Office: Tel. nos.: (032) 231-1433; 231-1309; Telefax 414-7399; 414-7325; Asst. Regional Director's Office Telefax: (032) 255-4542;
Field Effectiveness Division: (032) 414-7324; Curriculum Learning Materials Division (032) 414-7323;
Quality Assurance and Accountability Division: (032) 231-1071; Resource Mobilization and Special Programs and Projects Division: (032) 254-7062;
Training and Development Division: (032) 255-5239 loc. 112; Planning, Policy and Research Division: (032) 233-9030; 414-7065;
Administrative Division: (032) 414-7326; 255-1313; 414-7366 414-4367; Budget and Finance Division: (032) 256-2375; 253-8061; 414-7321
Website: http:++www.depedro7.com.ph

*" EFA 2015: Karapatan ng Lahat, Pananagutan ng Lahat "*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
REHIYON VII, GITNANG VISAYAS
REGION VII, CENTRAL VISAYAS
Sudlon, Lahug, Cebu City

OCT 1 4 2014

REGIONAL MEMORANDUM
No. 621, s. 2014

**TIMPALAK USWAG DAREPDEP**

Sa mga: Schools Division/City Superintendents
Officer-in-Charge of Regular Divisions
Tagapamahala ng mga Paaralan
Pinuno/Puno ng mga Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Batay sa Pangkagawarang Memorandum Blg. 109, s. 2014, ang Komisyon sa Wikang Filipino(KWF) ay magdaraos ng Timpalak Uswag Darepdep na magtatampok sa mayaman at malawak na imahinasyon ng kabataang Filipino na bukas simula sa ika-1 ng Agosto 2014 hanggang ika-2 ng Marso 2015.

2. Para sa karagdagang detalye, tingnan lang ang kalakip na mga dokumento.

3. Malawak at maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito ay nais.

CARMELITA T. DULANGON, Ed. D.
Director III
OIC, Regional Director

CTD/LCJ
CLMD '14

DEPARTMENT OF EDUCATION
REGION VII-CENTRAL VISAYAS
SUDLON, LAHUG, CEBU CITY
RD2015-3547
25 - Feb



# USWAG DAREPDEP, TATANGGAP NG MGA LAHOK HANGGANG 1 ABRIL

Hanggang 1 Abril 2015 na ang huling araw ng pagpapasa para sa *Timpalak Uswag Darepdep* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Bukas ang timpalak para sa lahat ng kabataan nása edad 12—17 na nagsusulat sa iba't ibang wika ng Filipinas.

Para sa unang taon (2014-2015), nahahati ang timpalak sa mga kategoryang maikling kuwento at tula sa mga sumusunod na katutubong wika: Ilokano, Bikol, Sebwano, at Mëranaw. Hindi bababa sa sampung pahina ang akdang ipapasa para sa kategoryang maikling kuwento. Sa kategoryang tula naman, ang koleksiyon ay kailangang magtaglay ng hindi kukulangin sa sampung (10) tula at hindi hihigit sa labinlimang (15) tula. Ang bawat kalahok ay maaaring magsumite ng isang entri para sa bawat kategorya.

Ang *Timpalak Uswag Darepdep* ay isang paraan ng KWF para payabungin ang mga katutubong wika sa bansa at lalo pang pagyamanin ang wikang Filipino.

Ang mga magwawagi sa bawat rehiyon ay tatanggap ng medalya mula sa KWF at ng sumusunod na mga gantimpalang salapi: Sampung Libong Piso (Php 10,000), Unang Gantimpala; Limang Libong Piso (Php 5,000), Ikalawang Gantimpala; at Tatlong Libong Piso (Php 3,000), Ikatlong Gantimpala.

Para sa iba pang impormasyon hinggil sa timpalak, bisitahin Facebook page ng KWF o ang www.kwf.gov.ph.

© 2010 Komisyon sa Wikang Filipino. All Rights Reserved.
Powered by WordPress.

**Timpalak Uswag Darepdep tawag para sa mga lahok**

Ipinakikilala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang **Timpalak Uswag Darepdep**, isang timpalak pampanitikan na hinihikayat ang mga kabataang Filipino na magsulat sa kanilang rehiyonal na wika.

Mula ito sa salitang Sebwano na "uswag" na nangangahulugang "sulong" at salitang Ilokano na "darepdep" na nangangahulugang "haraya." Isang paraan ito ng KWF upang payabungin ang produksiyong pampanitikan ng mga rehiyon sa pamamagitan ng pagsisimula sa mga kabataang manunulat sa mga katutubong wika.

Bubuksan mula **1 Agosto 2014 hanggang 1 Abril 2015** ang timpalak na ito. Bukás ito sa mga kabataang nása edad 12–17 **bago** ang 1 Abril 2015.

Ang kategorya ng timpalak at mga wikang katutubong wikang itatampok ay papalitan taon-taon. Para sa unang taon (2014–2015), ang mga kategorya ay **maikling kuwento** at **tula** sa sumusunod na mga katutubong wika: **Ilokano, Bikol, Sebwano**, at **Mëranaw.** Ang bawat kalahok ay maaaring magpása ng isang entri para sa maikling kuwento at isang entri para sa tula.

PANGKALAHATANG TUNTUNIN

1. Para sa maikling kuwento, ang lahok ay kinakailangang hindi kukulangin sa sampung pahina at hindi hihigit sa 25 pahina na makinilyado o kompiyuterisado. Ang mga entri ay kinakailangang magtaglay ng isang pahinang sinopsis. Para sa tula, ang koleksiyon ay kinakailangang magtaglay ng hindi kukulangin sa sampung tula at hindi hihigit sa 15 tula.
2. Ang bawat lahok ay kinakailangang nása anyong PDF, doble espasyo (maliban sa kategoryang tula) sa 8 ½" x 11" na papel, may palugit na 1" sa bawat gilid. Ang mga bilang ng pahina ay kailangang sunod-sunod at nakagitna sa footer ng bawat pahina. Ang font ay kinakailangang Arial o Times New Roman at may laking 12 pt.
3. Ang sumusunod na mga dokumento ay kinakailangang nakalakip sa isang selyadong long brown envelope:
    a. Tatlong hard copy ng lahok
    b. Isang CD na naglalaman ng digital na kopya ng entri
    c. Pormularyo sa paglahok (maida-download sa KWF website o facebook)
    d. Pormularyo sa pahintulot ng magulang
    e. Sertipikasyon mula sa prinsipal ng paaralan para sa mga estudyante o sertipikasyon mula sa punong barangay para sa mga out of school youth.
4. Kinakailangang notaryado ang promularyo sa paglahok at ang pormularyo sa pahintulot ng magulang. Tanging ang pamagat lamang ng lahok at ang

kategorya nito ang isusulat o ilalagay sa envelope. Ipadala ang naturang dokumento sa:

Lupon sa Timpalak Uswag Darepdep
2/5 Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St.
San Miguel, Maynila

5. Ang mga lahok ay kinakailangang matanggap ng KWF bago o sa 2 Marso 2015.
6. Ang isang lahok na nagwagi sa ibang timpalak bago ang 1 Abril 2015 ay hindi kalipikado sa timpalak.
7. Ang mga magwawagi sa bawat rehiyon ay tatanggap ng medalya mula sa KWF at ng sumusunod na gantimpalang salapi:

| | |
|---|---|
| Unang gantimpala: | Sampung libong piso (Php10,000.00) |
| Ikalawang gantimpala: | Limang libong piso (Php5,000.00) |
| Ikatlong gantimpala: | Tatlong libong piso (Php3,000.00) |

8. Anumang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pangwakas at hindi na mgbabago. Ang lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok at angkin ng KWF at ng ka-tagapagtaguyod nito ang unang opsiyon na unang mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa may-akda.

Republic of the Philippines
# Department of Education

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 109 , s. 2014

08 OCT 2014

**TIMPALAK USWAG DAREPDEP**

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng **Timpalak Uswag Darepdep** na magtatampok sa mayaman at malawak na imahinasyon ng kabataang Filipino mula sa iba't ibang rehiyon. Ang patimpalak ay bukas simula sa ika-1 ng Agosto 2014 hanggang ika-2 ng Marso 2015.

2. Layunin ng Timpalak na payabungin ang produksiyong pampanitikan ng mga rehiyon sa pamamagitan ng mga kabataang manunulat. Isang paraan ito ng KWF upang maitanghal ang kontemporaneong panitikan ng mga rehiyon na nakasulat sa kanilang wikang katutubo.

3. Ang kategorya ng timpalak ay nagpapalit-palit sa bawat taon sa iba't ibang kategorya-maikling kwento, tula, dulang may isang yugto, at sanaysay-at sa tutukuying apat na katutubong wika sa bansa.

4. Para sa unang taon (2014-2015) ng Timpalak Uswag Darepdep, ang mga kategorya ay maikling kuwento at tula sa sumusunod na mga katutubong wika: Ilokano, Bikol, Sebwano, at Maranaw. Ang bawat kalahok ay maaaring magsumite ng isang entri para sa kategorya ng maikling kuwento at sa entri para sa kategorya ng tula. Kalakip nito ang Tuntunin ng Patimpalak.

5. Ang mga mag-aaral na may edad 12-17 bago ang ika-2 ng Marso 2015 sa mga pampubliko at pampribadong paaralan ay imbitadong sumali sa aktibidad na ito.

6. Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay: **Bb. Maria Christina Pangan, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, 2/F Watson Building, 1610 JP Laurel St., Malacañang Palace Complex, San Miguel, Manila, telepono blg.: (02) 736-2524/25; (02) 736-2519; (02) 734-5547; (02) 736-3830; (02) 733-7260; (02) 516-0326 o mag email sa: komfil.gov@gmail.com, o sa website address: www.kwf.gov.ph.

7. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: W a l a

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO

PRIZES OR AWARDS
TEACHERS

Alma/ DM timpalak uswag darepdep
0866-September 25, 2014

# TIMPALAK USWAG DAREPDEP

## PORMULARYO SA PAGLAHOK

Mga kailangang isumite:

(1) tatlong hard copies ng lahok
(2) isang CD na naglalaman ng digital na kopya ng entri
(3) pormularyo sa paglahok
(4) pormularyo sa pahintulot ng magulang
(5) sertipikasyon mula sa prinsipal ng paaralan/ punong barangay

| | | |
|---|---|---|
| PAMAGAT NG LAHOK | SAGISAG-PANULAT | LAHOK BLG. |
| PANGALAN | | BLG. NG PAHINA |
| APELYIDO | UNA | GITNA |
| TIRAHAN/ ADRES | TELEPONO BLG. (LANDLINE AT/O MOBILE) | |
| EDUKASYON (PINAKAMATAAS NA NAABOT) | | |
| PAARALAN/ TANGGAPAN / INSTITUSYON/ ORGANISASYONG KINABIBILANGAN | | |
| ADRES | | |

**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**
2F Gusali Watson, Kalye J. P. Laurel
San Miguel, Maynila
Tel Blg. 736-2519 · 736-0315 · 736-2521
komfil.gov@gmail.com · www.kwf.gov.ph

______________________
NAKALIMBAG NA PANGALAN AT LAGDA NG KALAHOK

PETSA NG PAGSUMITE: ______________________